



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxism-Leninismo-MaoismoIspesyal na Isyu
Disyembre 26, 2007
www.philippinerevolution.org

Pabilisin ang rebolusyonaryong pagsulong ng PKP para sa pagdiriwang ng ika-40 anibersaryo nito


Mensahe ng Komite Sentral
ng Partido Komunista ng Pilipinas

Walang hanggan ang kagalakan natin sa pagdiriwang ng ika-39 na anibersaryo ng muling pagtatataag ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa teoretikong gabay ng Marxism-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong (Maoismo) noong Disyembre 26, 1968. Mula noon, ang pinakamamahal nating Partido ay napanday sa apoy ng rebolusyonaryong pakikibaka at nakaipon ng maniningning na tagumpay sa pagganap nito bilang taliba ng proletaryado at sa pamumuno sa pakikibaka ng sambayanang Pilipino para sa pambansang paglaya at demokrasya laban sa imperialismong US at lokal na mga nagsasamantalang uring malalaking kumprador at panginoong maylupa.

Pinakamataas na parangal ang iginagawad natin sa ating mga rebolusyonaryong martir at bayani para sa kanilang kataas-taasang sakripisyo at natatanging paglilingkod sa bayan. Nagpupugay tayo sa lahat ng cadre at kasapi ng Partido, mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayan sa kanilang pagpupunyagi at mga sakripisyo sa rebolusyonaryong pakikibaka. Nagtamo tayo ng malalaking tagumpay dahil hindi tayo umatras sa harap ng matitinding hamon o ng mga kamalian at pagkukulang. Lumalakas tayo sa pag-igpaw sa mga peligro at kahirapan, sa pagpuna at pagpuna-sa-sarili at

sa pagwawasto ng mga pagkakamali at kahinaan.

Sama-sama nating pinagtibay muli ang ating kapisyahang isulong ang pambansa-demokratikong yugto ng rebolusyon Pilipino sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan. Determinado tayong kumpletuhin ang yugtong ito sa pamamagitan ng pag-agaw sa kapangyarihang pampolitika sa buong bansa upang maabot ang yugto ng sosyalistang rebolusyon at masimulan ang mahabang panahon ng transisyon patungong komunismo. Sa kagyat, nais nating paghandaan ang pagdiriwang ng ika-40 anibersaryo ng Partido sa darating na taon sa pamamagitan ng pagpabilis sa lahatang-panig na pagsusulong sa rebolusyonaryong pakikibaka ng proletaryado at ng buong bayan sa pamumuno ng Partido.



Ngawa nang ngawa ang mga imperialista at mga lokal na reaksyunaryo na dapat nang itigil ng PKP at rebolusyonaryong kilusan ang pagsusulong ng armadong rebolusyon sa harap ng pagkakanulo ng mga modernong rebisyunista sa sosyalismo, ng sumunod ditong pagkalansag ng mga rebisyunistang rehimeng, at lahat ng opensibang pang-ideolohiya, pampulitika, pang-ekonomya, pangkultura at militar ng mga imperialista sa pangunguna ng US.

Tinatabunan nila ang katotohanang nananatiling matatag ang Partido sa paninindigang Marxista-Leninsta at anti-rebisyunista, nauunawaan at hinaharap nito ang kongkretong malakolonyal at malapyudal na kalagayan upang isulong ang bagong demokratikong rebolusyon, at ang mga opensiba ng imperialismo at mga papet nito ay nagpapalala lamang sa mapang-api at mapagsamantalang kalagayan at nag-uudyok sa mamamayan na magsulong ng armadong pakikibaka at iba pang anyo ng rebolusyonaryong pakikibaka. Nakaligtaan ng mga kaaway ng rebolusyon ang katotoha-

nang nadaig ng Partido at ng rebolusyonaryong kilusan ang lahat ng madudugong kampanyang panunupil na isinagawa ng pasistang rehimeng Marcos at ng sumunod na mga rehimeng nagkunwang demokratiko.

Panay ang pagyayabang ng rehimeng Arroyo, laluna ng huwad na presidente at mga nangunguna niyang alipures na militar, na kaya nilang durugin o estratehikong gapiin ang PKP, ang Bagong Hukbong Bayan at lahat ng rebolusyonaryong pwersa bago ang 2010. Sa halip, lumalakas at sumusulong ang mga rebolusyonaryong pwersa dahil sa papalalang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista at lokal na naghaharing sistema, at sa kinimumuhiang mga patakaran ng rehimeng Arroyo ng pagtataksil sa bansa, makauring pagsasamantala, korapsyon at terorismo ng estado. Sa gitna ng lahat ng ito, ang tuluy-tuloy na paglago at pag-unlad ng mga rebolusyonaryong pwersa ay nililinang ng walang puknat na gawaing pang-ideolohiya, pampulitika at pang-organisasyon ng Partido.

I. Krisis ng imperialismo at paglaban ng mga mamamayan ng daigdig

Upang ilarawan ang kasalukuyang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista, kailangang magsimula sa pagtukoy sa pangunahing pananagutan ng US sa krisis na ito. Ang US ang pangunahing responsable sa pagtutulak ng mga patakarang globalisasyong “neoliberal” at ng pandaigdigang gerang terorista. Layunin ng mga patakarang ito na lutasin ang krisis ng monopolyong kapitalismo, ngunit sa halip ay pinalalala at pinalalalim nito ang krisis.

Mula noong katapusan ng dekada 1970, ipinatupad ng US ang patakaran ng globalisasyong “neoliberal” para umano pangbabawan ang problema ng *stagflation* o ang sabayang pag-iral ng istagnasyon at implasyon at ang paglala ng isa bunga ng pagtatangkang lutasin ang kabilang. Ang problemang ito'y sinasabing bunga ng malaking gastos ng gubyerno sa serbisyong panlipunan at sa mataas na antas ng pasahod. Kaya ang deklaradong kiling ng neoliberalismo ay kontrahin ang Keynesian na pakikialam ng estado sa anyo ng pamumuhunang publiko at pabweluhin ang “malyang pamilihan” nang minimal ang pakikialam ng Federal Bank sa pamagitan ng regulasyon ng interes at suplay ng salapi.

Pangunahing diin ng neoliberalismo ang paggamit sa estado para liitan ang gastos sa serbisyong panlipunan at pasahod at hainan ang monopolyong burgesya ng malalaking kaltas sa buwis, mga kontratang militar, mga ari-ariang publiko, walang hanggang pa-utang, garantiya at subsidyo sa pamumuhunan at bigyan sila ng suportang pampulitika at militar sa pagsisikap nilang magpalawak at magkaroon ng mga mapagkukunan ng hilaw na materyales, pamilihan, mapaglalagakan ng puhunan at lahat ng tipo ng mga bentaheng monopolyo.

Sa ilalim ng “neoliberal” na islogan ng globalisasyon ng “malyang pamilihan,” ang mga atrasdong bansa ay itinulak ng mga im-

perialistang bansa sa pangunguna ng US na idenasyunalisa ang kani-kanilang ekonomya. Sa gayo'y napabilis ng monopolyong burgesya ang konsentrasyon at sentralisasyon ng kapital sa kanilang mga kamay sa pamamagitan ng pagpiga ng supertubo at bayad-utang, liberalisasyon ng daloy ng kapital at kalakalan, pribatisasyon ng mga ari-ariang publiko at serbisyong panlipunan, at deregulasyong sumasagasa sa masang anakpawis, kababaihan, mga bata at kalikasan.

Upang mapababa ang pasahod sa kani-kanilang bansa, tinitibag ng US at ibang imperialistang bansa ang mga karapatan ng mga manggagawa at umiiwas sila sa mga obligasyon sa mga lokal na manggagawa sa pamamagitan ng paglilipat ng mga pabrika sa ibang bansa (*runaway shop*) para sa pagmamanupaktura at malamanupaktura ng mga produktong pangkonsumo at paglilipat sa ibang bansa ng mga serbisyong takaw-trabaho (*labor-intensive*). Ang tunguhin ay panatilihin sa kani-kanilang bansa ang mga industriyang takaw-puhunan (*capital-intensive*) at malakas tumubo. Subalit ang pinatinding

pagsasamantala sa uring manggawa at aping mamamayan ay bumabansot sa pandaigdigang pamilihan at nagpapalala sa krisis ng sobrang produksyon.

Lugmok na ang tunay na ekonomya ng daigdig bunsod ng ilang ulit na krisis sa ekonomya at pinansya. Sa mahabang panahon, napakatingkad nito sa karamihan ng mga bansa sa mundo, at siya nang naging pangkalahatang takbo ng mga atrasadong bansa. Ngunit maging ang US, ang mga imperialis-tang alyado nito at ilang bansang *third world* tulad ng China ay malalon na sanang lugmok kundi lamang sa malakihang pangungutang sa loob at labas ng bansa upang pasikarin ang paglago ng ekonomya gano man katagibang. Ang depresyon ay naikukubli ng papataas na antas ng pandaigdigang utang na nai-pantatapal sa mga depisit sa badyet at kalakalan upang imantine ang daloy ng kalakalan at pamumuhunan pabor sa mga imperialis-tang bansa at ilang bansa sa *third world*, at magpalutang ng abstraktong tantos ng pag-unlad na mas mata-as kaysa tunay na ekonomya.

Ang US ang pinakaabusado sa pangungutang sa loob at labas ng bansa upang abonohan ang depisit sa badyet at kalakalan, lumikha ng ilusyon ng paglago at panatilihin ang sarili bilang pinakamalaking pamilihan ng mga kalakal na pangkonsumo sa buong mundo. Ang pambansang utang ng US ay sumi-rit mula US\$5.7 trilyon noong 2001 tungong US\$9.1 trilyon sa kasalukuyan. Ang mabilis na paglaki ng depisit sa badyet ay bunsod ng malalaking kaltas sa buwis, mga kontratang militar-industriyal at mga gastos sa gera sa Iraq at Afghanistan.

Umabot na sa taunang antas na US\$800 bilyon ang depisit sa kalakan ng US. Pinalala pa ito ng pagluluwag sa pag-angkat ng produkto mula sa mga kaalyadong ka-

pitalistang bansang industriyal at pagsamantala sa murang paggawa sa China, India at Southeast Asia. Walang rendang ginagasta ng US ang dolyares sa pag-angkat ng mga produktong pangkonsumo, kaya ang US na ang may pinakamalaking pagkakautang sa mundo. Sa sariling antas, ang mga mamimiliing Amerikano ay itinutulak sa malakihang pangungutang para sa konsumo sa harap ng istagnasyon at pagbagsak ng industriya at empleyo sa US.

Noong panahon ng bulang *high-tech* mula 1995 hanggang 2000, nawalan ng regular na trabaho ang mga manggawang Amerikano subalit bumawi si la sa mga trabahong partaym sa lumalawak na sektor serbisyo ng bansa. Marami-rami rin sa kanila ang nangutang para pumasok sa ispekulasyon sa *stock market* at pumayag na ipagamit sa mga kumpanya sa pamumuhunan ang kanilang mga pondong pampensyon sa gayong layunin. Matapos pumutok ang bulang *high-tech* noong 2001 hanggang 2005, itinulak ng monopolyong burgesya ng US ang bulsa pabahay sa pamamagitan ng pag-aalok ng mababang interes sa *subprime mortgage* o pautang sa pabahay na maliit o halos walang kolateral at pambubuyo sa mga maybahay na mangutang para sa konsumo batay sa pinalobong halaga ng kanilang mga bahay na nakagarantiya sa utang.

Binago ng mga bangko ng US ang pakete ng mga pautang sa pabahay at ibinenta ang mga iyon sa mga dayuhang bangko bilang mga sangkap ng tinaguriang *structured investment vehicle*, kaya naging pandaigdigan ang potensyal na

saklaw ng pampinansyang krisis bunga ng di mabayaring utang.

Lumiliit ang pamilihang pangkonsumo ng US dahil sa krisis ng sobrang produksyon, ng krisis pampinansya bunsod ng labis na pambansang utang ng US, ng pagbulusok ng dolyar, ng pagguho ng pautang na may kolateral (*mortgage meltdown*) at ng pagtaas ng presyo ng enerhiya. Inaabangan magreresulta ito sa napakalubhang rese-syon sa US at iba pang imperialis-

tang bansa sa rating na taon. Ang pagkitid ng pamilihang pangkonsumo ng US ay nagbubunsod ng biglaang pagliit ng mga order sa China, India, Southeast Asia at iba pang bansang lumilikha ng mga malamanupaktu-rang mababa ang

dagdag-halaga para sa mga imperialis-tang bansa.

Ni kaunti'y hindi nakikinabang ang mga atrasadong bansa sa pagbaba ng halaga ng dolyar dahil wala naman silang makabuluhang alternatibong mapagkakaitaan ng dolyar. Dahil tali sa dolyar, lalong bulnerable sa pagbagsak ang halaga ng kanilang mga salapi. Ang kanilang mga reserbang dolyar, kung mayroon man, ay inutang din para ipang-angkat ng mga produktong pangkonsumo at ipambalanse sa kanilang *current accounts*. Mabilis din itong nauubos.

Malaking kabiguan ang pagtangka ng rehimeng Bush na pasikarin ang ekonomya ng US sa pamamagitan ng pinag-ibayong produksyon militar at pangungutang. Limitado ang nililikhang empleyo ng produksyon militar na kinata-tangian ng mamahaling mataas na teknolohiya. Kasabay nito, hindi na matanggap ng mamamayang

**Ni kaunti'y hindi
nakikinabang ang mga
atrasadong bansa sa
pagbaba ng halaga ng
dolyar dahil wala naman
silang makabuluhang
alternatibong
mapagkakaitaan ng
dolyar.**

Amerikano ang malaking sakripisyong kapalit ng produksyong pandigma at mga gerang agresyon sa anyo ng mga Amerikanong napapataway at salaping nagagasta sa kumunoy ng Iraq at Afghanistan. Ang badyet panggera ng US sa dalawang bansa ay umabot na sa mahigit \$600 milyon at ang kabuuang nagagasta sa Iraq pa lamang ay umabot na sa \$1 trilyon, kung kapwa isasama sa kwenta ang gastos sa operasyon at mga kaugnay nito.

Sumasagad na ang dagdag pang dambuhalang pangungutang ng US. Ang tumataas na antas ng pambansang utang, bayad-utang at depisit ng US sa badyet at kala-kalan ay lubhang nagpapaguho sa pandaigdigang kumpyansa sa dolyar at nagbubunsod ng pagbaba ng halaga nito. Tinatayang kakailanganing taasan ng US ang interes at bawasan nang di bababa sa \$2 trilyon ang internasyunal na pa-utang upang pigilin ang pandaigdigang pagkawala ng kumpyansa sa dolyar.

Habang nag-iibayo ang pagtutol ng mamamayan ng Amerikano sa gerang agresyon sa Iraq at Afghanistan, patuloy naman ang malaking korporasyon sa industriyang militar at langis sa paggigiit na ipagpatuloy ng US ang gera at sa pagmamaniobra para magtayo ang US ng mga permanenteng base militari sa Middle East at Central Asia.

Ang pananatili ng US sa Iraq at Afghanistan at pagwawaldas nito roon ng yamang-tao at rekursong materyal ay may malalim na negatibong epekto sa US, kapwa sa sariling bakuran at sa ibayong dagat. Pinalalala ng mga ito ang mga kontradiksyon sa lipunang US at sa mga kaalyado nitong imperyalista. Nakikita ng mga aping mamamayan at bansa ang pagkabatak at mga kahinaan ng US at nahihiayat silang makibaka para sa pambansa at panlipunang kalayaan.

Sa US at iba pang bansang im-

perialista, ginagamit ng monopolyong burgesya ang lahat ng klase ng maniobrang estratehiko at taktilik upang ilihis ang atensyon mula sa mga pinag-uugatan ng pagsasamantala at pang-aapi at upang supilin ang uring manggagawa, mga imigrante, kabataan at kabalaihan. Nanunulsol at nagpapalaganap sila ng sobinismo, rasismo at pasismo upang pagwatak-watakin ang uring manggagawa at pag-sabunin ang mamamayan sa mga imperyalistang bansa at ang mamamayan ng ibang bansa. Ginagamit nila ang masmidya at ang iba't ibang pang-aliw upang likhain ang ilusyon ng demokrasya at ilihis ang atensyon ng publiko sa pinakamahalagang isyung panlipunan.

Ngunit ang uring manggagawa at mamamayan sa mga imperyalistang bansa ay nanlalaban sa monopolyong burgesya. Nagkaroon ng laganap na mga welgang manggagawa, mga rali at martsang protesta ng mga migrante at mga militanteng pagkilos sa lansangan ng kabataan sa iba't ibang bansang imperyalista.

Gayunma'y puta-putaki pa ang mga ito, bagamat sa ilang pagkakataon sa ilang bansa ay malakas at malaganap ang pagsiklab ng galit ng mamayan. Ipinakikita ng mga ito ang paborableng kundisyon para sa tuluy-tuloy na pag-unlad ng mga pwersang proletaryo at progresibo. Naipapasa pa ng mga imperyalistang kapangyarihan ang bigat ng krisis pangunahin sa mga aping mamamayan at bansa sa Asia, Africa at Latin America.

Nagkakaisa pa ang mga imperyalistang kapangyarihan sa pagsasamantala at pang-aapi sa proletaryado at mga mamamayan ng mun-

do, laluna sa *third world*. Sagana sila sa mekanismo upang pagtugma-tugmain ang kanilang mga interes laban sa komun nilang mga kalaban. Kabilang sa gayong mga mekanismo ang IMF, World Bank, WTO, ang UN at Security Council ni-to, mga panrehiyon at bilateral na kasunduan sa kalakalan, ang NATO at iba pang panrehiyon at bilateral na tratado at alyansang militar.

Napananatili ng US ang katayuan nito bilang nag-iisang *superpower* dahil sa taglay na kapangyarihan sa pinansya, teknolohiya at militar na di pa rin madaig ng alinman sa mga alyado nito. Sa kabilang tuluy-tuloy na paghina ng dolyar, nananatili ito bilang salapi ng daidig. Subalit may ilan nang butas ang paghahari nito dahil ang ilang bansang nagpoprodyus ng langis at iba pang bansang may malalaking hawak na dolyar at pinagkakautangan ng US ay nagsimula nang magbawas ng mga transaksyon ginagamitan ng dolyar.

Tuluy-tuloy na tumitindi ang mga kontradiksyon sa pagitan ng

Nagkakaisa pa ang mga imperyalistang kapangyarihan sa pagsasamantala at pang-aapi sa proletaryado at mga mamamayan ng mundo, laluna sa *third world*.

mga imperyalistang kapangyarihan. Sumisikip na ang mundo para sa kumpetisyon at ribalan bunga ng lumaking bilang ng mga imperyalistang kapangyarihan at mga nagnanais maging imperyalista. Sinasamantala ng US ang

pusisyon nito bilang nag-iisang *superpower* at nagging napakaagresibo at mapang-upat ito sa pagtutulak ng ultranasyunal na mga interes, na lalu't lalong ikinasama ng loob ng mga alyado nito. Kasabay nito, inilalantad ng US ang sariling pagkabatak at mga kahinaan, na nagpapalakas sa loob ng ibang imperyalista na gumawa ng mga hakbang na bangga sa mga

ginagawa ng US.

Sa mga magkakaalyadong imperyalista, kinaiinggaan ang US dahil sa dominasyon nito sa pandigdigang sistemang pampinansya, mga mayor na pinagkukunan nito ng langis at iba pang likas na yaman, mga lagakan ng puhanan at mga pamilihan. Nagpamalas ng seryosong pagsalungat sa US ang France, Germany, Russia at China sa mga mayor na isyu at pusisyon kaugnay ng mga partikular na rehiyon sa mundo. Iba sa US ang naging tinidig nila sa usapin ng pananalakay at pagsakop ng US sa Iraq at Afghanistan at sa kasalukuyang pagsoolo ng US sa pakinabang sa gera.

Magkakaiba ang paninindigan ng mga imperyalistang bansa sa isyu ng Palestine, Lebanon, Syria, Iran at iba pang bansa sa Middle East. Kasama ang mga estado sa mga hangganan ng Central Asia, binuo ng Russia at China ang Shanghai Cooperation Organization (SCO) upang hadlangan ang pagpasok ng US sa Central Asia. Magkaiba ang pusisyon ng mga imperyalistang bansa sa samutsaring isyu sa East Asia, South Asia, Africa at Latin America. Habang naglalao'y nahihibit at nayayanig ang relatibong balanse ng kapangyarihan sa hanay ng mga imperyalista. Habang abala ang US sa Iraq, nagpatibay naman ng pusisyon pang-ekonomya at pampolitika ang ibang imperyalistang kapangyarihan sa ibang bahagi ng mundo.

Ang pangunahin pa ring kontradiksyon sa mundo ay ang kontradiksyon sa pagitan ng mga imperyalistang kapangyarihan at mga aping mamamayan at mga bansa. Pinakamalinaw itong makikita sa

walang rendang pagsasamantala at pang-aapi ng mga imperyalista sa tulong ng kanilang mga papet na estado at makikita rin sa paglaban ng mamamayan sa pamamagitan ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka at iba pang anyo ng pakikibaka.

Ang pinakamayamang 20% ng populasyon ng mundo ay nasa mga imperyalistang bansa, at ang pinakamahirap na 20% ay nasa mga bansang *third world*. Ang kita ng pinakamayayaman ay 30 ulit na mas malaki kaysa kita ng pinakamahihirap noong 1960. Naging 74 na ulit iyong mas malaki noong 1995. Ngayon, ang di hamak na nakararaming

mamamayan ay nabubuhay sa kulong sa dalawang dolyar kada araw at konsentrado sila sa *third world*. Noong 1973, ang utang ng *third world* ay US\$130 bilyon lamang. Noong 1982, lumundag ito tungong US\$612 bilyon. Noong 2006, umabot pa ito sa US\$3.2 trilyon. Imperyalistang pandarambong ang nagbunsod ng mabilis na pagkabaon sa kahirapan at pagkakautang ng mamamayan ng Asia, Africa at Latin America.

Ang armadong rebolusyonaryong pakikibaka, laluna sa anyo ng matagalang digmang bayan, ang pinakamahalagang sandata sa pagkakamtibay ng pambansang paglaya at demokrasya laban sa imperyalismo. Hinaharap nito ang sentral na usapin ng pag-agaw sa kapangyarihang pampolitika at mapagsasyang pag-alpas sa saklot ng imperyalismo at pyudalismo. May mga bayang nagpupunyagi sa armadong rebolusyon katulad ng Colombia, Pilipinas, India, Tamil Eelam at Turkey. Sa Nepal, idineklara ng mga arma-

dong rebolusyonaryo ang pagwawakas ng kanilang digmang bayan. Layunin nila ngayong agawin ang kapangyarihan sa pamamagitan ng parlimentaryong pakikibaka at popular na insureksyon. Kung mabigo, inaasahang muli silang maglulunsad ng digmang bayan.

Ang anti-imperialistang gawi ng ilang gubyerno ay bunsod ng paggigiit ng mamamayan ng pambansang paglaya at demokrasya. Sinikap noon ng gubyernong Iraq sa ilalim ni Saddam Hussein na makinay sa ilang imperyalistang kapangyarihan laban sa US hanggang magpasya ang US na maglunsad ng gerang agresyon. Nangangahas ang gubyerno ng Venezuela sa ilalim ni Hugo Chavez na hamunin ang imperialismong US upang makuhang suporta ng mamamayan at makapagpatupad ng mga reforma. Tuluw-tuloy na iginigiit ng mga gubyerno ng China, Cuba at People's Democratic Republic of Korea ang pambansang kasarinlan at mga sosyalistang mithiin ng mamamayan upang labanan ang imperialismong US.

Ang krisis na kalagayan ng pandigdigang sistemang kapitalista ay paborable para sa pagrerebolusyon laluna sa Asia, Africa at Latin America, kung saan kasalukuyang pinakamatingkad ang pangunahing kontradiksyon sa mundo. Armadong rebolusyon ang magiging pangunahing agos sa mundo bunsod ng pagtindi ng pangunahing kontradiksyon kaakibat ng pagtindi ng mga kontradiksyon sa mga imperyalistang bansa at sa pagitan ng mga imperyalistang kapangyarihan. Ang mga krisis ay di awtomatikong nangangahulugan ng pagsulong o pagtagumpay ng rebolusyon. Obhetibong kundisyon ang mga iyon, na dapat samantalahan ng mga suhetibong rebolusyonaryong pwersa at mamamayan upang makapagpalakas sila at magapi ang kanilang kaaway.

II. Mabilis na nabubulok na naghaharing sistema sa ilalim ng rehimeng Arroyo

Nasa palagiang krisis ang malakolonyal at malupyudal na naghaharing sistema sa Pilipinas. Ito ay bulok sa kaibutan at palaging mahina at mabuway dahil pinahihiapan ito ng tatlong masasamang pwersa ng dayuhang monopolyo kapitalismo, katutubong pyudalismo at burukrata kapitalismo. Kaya bulnerable ito sa krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista.

Sa ilalim ng patakaran "neoliberal" na globalisasyon, ang naghaharing sistema ay lalong humina higit kailanman sa nakaraan sa larangan ng pulitika at ekonya. Malaking kalokohan ang sinasabi ng rehimeng Arroyo na ang papet na republika ay matatag o ang ekonomya ng Pilipinas ay tuluy-tuloy na lumalago tungo sa katayuang "first world."

Pwersado ang papet na estado na iwaksi na ang lahat ng pakitang-taong pagpapatupad ng pambansang industriyalisasyon at reforma sa lupa. Kontra ito sa paggamit sa mga rekursong publiko at pag-engganyo sa mga negosyanteng Filipino na lumahok sa pagpaunlad ng pambansang industria. Ang reforma sa lupa ay ginawa na lamang nitong tagibang na mga transaksyon komersyal sa pagitan ng mga panginoong maylupa at magsasaka at tahasang mga kumbersyon komersyal ng mga lupang sakahan at mga pananim. Ipinalit nito sa reforma sa lupa ang tina-guriang *stock distribution option* (pamamahagi ng sapi sa korporasyon sa halip na titulo ng lupa). Binago nito ang klasipikasyon ng mga lupa upang hindi masaklaw ng tinaguriang Comprehensive Agrarian Reform Program. Mas malaki ang ginagasta sa burukratikong operasyon ng Department of Agrarian Reform kaysa pagpapasa ng lupa sa mga magsasakang walang lupa.

Tinanggal ng papet na estado

ang mga pambansang restriksyon sa dayuhang pamumuhunan. Kalakan sa mga ito ay nasa larangan ng serbisyon pampinansya, kalakalan, turismo, malamanupakturang nakatuon sa eksport, mga plantasyon at pagmimina. Binaklas nito ang mga taripa at hinayaan nito ang mga kumppanyang multinasyunal na magtambak ng sobrang produktong agrikultural at manupaktura sa bansa. Dumausdos ang produksyon agrikultural para sa lokal na konsumo mula sa abereyds na 1,509 kilo/tao/taon noong 1979-81 tungong 1,100 kilo/tao/taon nitong 2000-02 kaya naging netong tagaangkat na lamang ng pagkain ang bansa. Makasampung ulit na lumaki ang pagsalig nito sa imported na pagkain sa taunang bulto ng import mula 1991-95 hanggang 2001-03. Mas maramihang ineeeksport ang mga produktong agrikultural at mineral pero sa presyon mas mababa kaysa noon dahil sa sobrang suplay sa pandaigdigang pamilihan. Maliit ang netong kita sa pagrereeksport ng mga malamanupaktura mula sa industria ng pag-aasembol at pagpapake-te dahil kalakhan ng mga sangkap niyon ay imported at sobrang mahal.

Tuluy-tuloy na lumalaki ang deposit sa kalakalan taun-taon na nag-abereyds ng \$8 bilyon mula 2001 hanggang 2006. Tuluy-tuloy na lumalaki ang gastos sa importasyong pinaaandar ng konsumo.

Hindi mapunan ng kinikita sa eksport at remitans ng mga kontraktwal na manggagawa sa ibayong dagat ang gastos sa pag-iimport. Ang estado ay laging nauwi sa dambuhalang mga depisit sa budget na tinatangkang ibsan ng rehimeng Arroyo sa pamamagitan ng pagsingil ng mas malaking buwis sa mamamayan. Ang malaking gastos sa pagbabayad-utang at mga aktibidad ng burukrasya at militar at iba pang kontra-produktibong aktibidad ay humihigit na rin sa kakayanan ng estado na maningil ng buwis. Lumiit ang nasisingil sa adwana bunsod ng liberalisasyon ng kalakalan at katiwalian. Ang pangunahing tinatarget sa paniningil ng buwis ay ang masang anakpawis at mga panggitnang saray ng lipunan. Bumubulusok ito dahil sa lugmok na ekonomyang may mataas na tantos ng tunay na kawalan at kakulangan sa hanapbhay.

Ngunit bawat taon, nalilikha ang ilusyon ng paglago ng ekonomya sa pamamagitan ng pangngutang sa loob at labas ng bansa at gayundin sa pag-akit ng dayuhang pamumuhunang *portfolio* sa pamilihan ng mga sapi at bono. Ang lumulubhang pandaigdigng krisis sa ekonomya at pinansyang nililikha ng mabilis na lumalaking pambansang utang ng US, ng *mortgage meltdown* at walang awat na gastos militar ng US ay tiyak na iipit sa pandaigdigang pautang para sa Pilipinas at babawas sa mga order para sa hilaw na materyales at mga malamanupakturang mababa ang dagdag-halaga bunsod ng nag-iibayong resesyon at pagkitid ng pamilihang pangkonsumo sa US. Ang kasalukuyang inabot ng panlabas na utang na mahigit \$64 bilyon at ng deposit sa kalakalang panlabas ay inaasahang sumirit sa susunod na taon, na mangangahulugan ng malubhang krisis sa pinansya at matarik na pagbagsak ng halaga ng piso.

Mabilis na lumalala ang sosyo-ekonomikong krisis sa ilalim ng rehimeng Arroyo. Tumataas ang tantos ng nagpapatung-patong na dis-empleyo. Binabarat nang husto ang kita ng masang anakpawis na manggagawa at magsasaka at maging ng panggitnang saray ng lipunan. Nagtataasan ang presyo ng mga batayang bilihin at serbisyo bunga ng lumalaking gastos sa imported na kagamitan, langis at iba pang sangkap. Tumataas ang presyo ng mga batayang serbisyo tulad ng edukasyon, kalusugan, kuryente, tubig at sasakyen habang gumuguho ang imparastrukturang panlipunan at namamayani ang pagkakamal ng tubo. Nalulula ang malawak na masa sa presyur ng krisis at sa tumataas na tantos ng pagsasamantala. Nagluluwal ito ng panlipunang kaguluhan.

Ikinagagalit ng malawak na masa ng sambayanang pagpapabilis ng mga dayuhang monopol-yong interes, matataas na upisyal ng gubyerno at malalaking kumprador at panginoong maylupa sa tantos ng pagsasamantala at pandarambong sa likas na kayamanan ng bansa. Lumaki nang 327% ang netong kita ng nangungunang 1,000 korporasyon mula 2001 hanggang 2005 at ang kanilang tubo ay lumaki nang 20% taun-taon.

Malawakan at malalim ang pagkasuklam ng sambayanang Pilipino sa pagpapakututa ng rehimeng Arroyo sa US, Japan at iba pang kapan-yarihang imperyalista, sa walang rendang katiwalian ng naghaharing pamilya Arroyo at mga kroni nito, sa bulaang pangangan-dakan ng rehimeng na ang Pilipinas ay umaangat na patungo sa kata-yuang “first world” habang lalo pa itong sumasahol bilang bansang *third world*, at sa malulupit na hakbang ng pulisa at militar para manupil ng mga welgang manggagawa, magpalayas ng mga magsasaka at pambansang minorya sa kani-

lang mga tahanan at sakahan, gipitin at puksain ang ligal na kilusang patriyotiko at demokratiko, at buwagin ang mga kilos protesta ng masang anakpawis at iba pang sektor ng lipunan.

Walumpung porsyento ng mamayan o humigit-kumulang 65 milyong Pilipino ang nabubuhay sa katumbas sa piso ng kulang sa \$2 kada araw. Nabubuhay sa malubhang kahirapan ang masang anakpawis na manggagawa at magsasaka. Pinaghahati-hatian ng 80% ng populasyon ang kalahati ng pambansang kita, habang 20% lamang ang nagtatamasa sa natitirang kalahati. Ang naghihirap na masa ang pinakamasidehing naghahangad ng rebolusyonaryong pagbabago. Gipit na gipit din ang petiburge-syang lunsod sa kalagayan ng lipunan at ekonyoma at naaakit sila sa rebolusyonaryong adhikain.

Ang pinakamalaking parte ng kitang dolyar na sinasarili ng naghaharing sistema ay nagmumula sa mga kontraktwal na manggagawa sa ibayong dagat na ngayo'y nagpapadala sa Pilipinas ng kabuuang \$15 bilyon taun-taon. Ngunit lubos silang nalulungkot sa katotohanang dahil sa masidehing pagsasamantala at pagkaatrasado ng kanilang bansa ay napipilitan silang maghanap ng trabaho sa ibayong dagat na mababa ang pasahod at nagkakait ng mga karapatang tina-tamasa ng mga manggagawa ng bansang pinamamasukan. Ikinagagalit nila ang kalagayang dapat pa nilang iwan ang kanilang mga pamilya at sinisingil sila nang sobra ng reaksyunaryong gubyerno pero hindi naman sila binibigyan ng proteksyon at suporta sa ibang bansa.

Ang sosyo-ekonomikong krisis ay gumagatong sa pampulitikang krisis ng naghaharing sistema. Kuumikitid ang puwang para sa pagbibigay ng magkakatunggaling reaksyunaryo at lalong natatakam si Arroyo na solohin ang mga makukurakot sa gubyerno. Mas madaling nalalantad sa bayan ang walang rendang katiwalian ng rehimeng Agad na nakukundena ng mga progresibong pwersa at reaksyunaryong pwersang oposisyon ang rehimeng. Maging sa loob ng rehimeng, lumalaki ang banggaan ng mga mga interes sa negosyo at pulitika sa pagitan ng pinakamalalapit na kamag-anak at kroni ng huwad na presidente sa isang panig, at ilang alyado niya sa naghaharing

koalisyon ng KAMPI, Lakas-NUCD at Nationalist People's Coalition sa kabilang panig.

Walang kapantay sa nakaraan ang pagpapakpsyun-pakson sa reaksyunaryong hukbo. Mayorya ng mga upisyal at kawal ay galit sa rehimeng Arroyo at sa mga upisyal na maka-Arroyo sa tuktok ng *chain of command*. Kumpyansa ang mga upisyal na kontra-Arroyo na mayorya ng mga upisyal ay handang mag-urong ng suporta sa rehimeng at magbalang ng suporta sa isang konseho ng mga sibilyang lider oras na mabuo ang isang dambuhang kilos masa laban sa rehimeng.

Bagamat kapuri-puri ang pagkundena nila sa mga krimen ng rehimeng Arroyo, ang pag-*takeover* nina Trillanes sa Manila Peninsula Hotel noong Nobyembre 29 ay hindi nagsaalang-alang sa sigaw ng bayan para sa pagbabago alinsunod sa prinsipyong kataas-taasang katayuan ng sibilyan at sa kinakailangang serye ng mobilisasyong

Walumpung porsyento ng mamayan o humigit-kumulang 65 milyong Pilipino ang nabubuhay sa katumbas sa piso ng kulang sa \$2 kada araw.

masa at pag-uurong ng suportang militar sa rehimene.

Ang rehimeng Arroyo ay naka-handang magpadanak ng dugo makanatili lamang sa kapangyarihan. Kaya ang malawak na hanay ng mga pwersang oposisyon ay nararapat na maglunsad ng mga mobilisasyong masang makahahadlang sa paggamit ng rehimene ng armadong dahas, katulad nang pabagsakin sina Marcos at Estrada noong 1986 at 2001. Kailangan ding gumawa ng paraan ang mga kontra-Arroyong upisyal ng militar at pulisia kung paano paparalishin ang maka-Arroyong *chain of command* at kakabigin ang mga karaniwang sundalo. Kabilang sa mga problemang kinakaharap ng lahat ng pwersang anti-Arroyo ang pag-uurong-sulong ng mga reaksyunaryong pwersang anti-Arroyo at ang lambat kontra-paniktik sa loob ng reaksyunaryong hukbo.

Ngunit kung sa kabilang ng pagkamuhi ng mamamayan ay makapanatili pa rin sa poder ang rehimeng Arroyo hanggang 2010 dahil hindi pa ito kayang patalsikin ng malawak na ligal na nagkakaisang prente, hindi tatanggapin ng malawak na masa ng sambayanan ang posibilidad na magdusa sa ilalim ng mga rehimeng maghalinhinan sa pamamagitan ng elekson at lalu'l lalo silang sasalig sa digmang bayan para baguhin ang buong nag-haharing sistema. Makikinabang kung gayon ang armadong rebolusyonaryong kilusan sa pagkabigo ng malawak na ligal na nagkakaisang prente na mapatalsik ang rehimeng Arroyo.

Habang lumilitaw ang iba't ibang tunguhing anti-Arroyo sa loob ng reaksyunaryong hukbo sa kahilihanang patriyotiko, nagpapakasasa naman ang mga maka-Arroyong upisyal sa iba't ibang antas sa pagnanakaw sa pondo ng estado, pangungupit sa mga batayang supply ng mga tropa at paglahok o pa-

kikipagkutsaba sa mga sindikatong kriminal sa ilugal na pagtotroso, ismagling, pasugal, pagbebenta ng ilugal na droga, prostitusyon, bayarang pagpatay, pangungulimbat at *kidnap for ransom*. Sa kabuuan at sa esensya, ang reaksyunaryong hukbo ay isang mersenaryo at tiwaling establisimyento na nararapat wasakin ng armadong rebolusyon.

Pinanalasa ng rehimeng Arroyo ang Oplan Bantay Laya (OBL) 1 mula 2002 hanggang katapusang 2006 at ang OBL 2 mula nang puwasok ang 2007, at naghasik ito ng lansakan at sistematisikong mga paglabag sa karapatang-tao upang tumalima sa pandaigdigang gerang terorista ng US at tumanggap ng ayudang militar at pang-ekonomya ng US, masiguro ang katapatan ng mga upisyal at kawal ng pwersang militar at pulis, sindakin at supilin kapwa ang mga rebolusyonaryong pwersa at ang ligal na oposisyon at tiyakin ang pananatili ng rehimene sa pulitika.

May dalawang sanga ang OBL. Ang isang sanga ay kinabibilangan ng mga militar na kampanyang panunupil sa pamamagitan ng pagkonsentra ng mga pwersa sa ilang larangang gerilya at paggawa ng mga kahayupan para saktan at sa gayo'y takutin ang mamamayan at palayasin sila sa lupa para bigyang-daan ang mga plantasyon at mga kumpanya ng pagmimina. Ang isa pang sanga ay ang pagsasagawa ng mga ekstrahudisyal na pagpatay, pagdukot at pagtortyur sa mga di armadong aktibistang ligal kabilang ang mga lider manggawa, magsasaka, maralitang lunsod, kabataan, kababaihan, mamamahayag, taong simbahan, abugado at tagapagtanggol ng karapatang-tao.

Nahihiwalay na ang rehimeng Arroyo sa Pilipinas at sa ibang bansa dahil sa mga kahayupang ginagawa ng mga pwersang militar at pulis laban sa daan-daanlibong mamamayan sa kanayunan at eks-

trahudisyal na pagpatay at pagdukot sa mahigit isanlibong di armadong progresibong aktibistang ligal. Pero ipinagpipilitan pa rin ng rehimene na madudurog nito ang armadong rebolusyonaryong kilusan sa pamamagitan ng pag-aalok ng tinaguriang amnestiya at pondo sa rehabilitasyon kasabay ng madudungong kampanya ng armadong panunupil. Alam na alam ng mamaayan na ang mga upisyal ng reaksyunaryong hukbo ay nag-iimbento ng mga listahan ng mga umano'y nagsisuko at ibinubulsa nila ang pera.

Ang sosyo-ekonomiko at pam-politikang krisis at ang pagpapakatauta, katiwalian, kasinungalingan at kalupitan ng rehimeng Arroyo ay gumalit lamang sa mamamayan at nag-uudyok sa kanila na labanan ang rehimene at magsagawa ng iba't ibang anyo ng pagtutol. Lantad na sa buong mundo ang mga krimen ng rehimeng Arroyo at nagpahayag na ang pinakarespetadong mga institusyon, partido, organisasyon masa at personahe ng internasyunal na pakikipagkaisa sa sambayanan Pilipino sa kanilang pakikibaka para sa pambansang kasarinlan, demokrasya, katarungang panlipunan at kapayapaan.

Sukdulan na ang pagkakahiwayan ng rehimeng Arroyo. Hinog na ito para patalsikin ng malawak na masa ng sambayanan at ng malawak na nagkakaisang prente ng mga pwersang anti-Arroyo. Pinakadesidido sa pagpapatalsik kay Arroyo ang mga patriyotiko at progresibong pwersa ng masang anakpawis at panggitnang saray ng lipunan dahil sila ang pangunahing dumarañas ng hirap sa kabuhayan, eks-trahudisyal na pagpatay, pagdukot at tortyur sa bilangguan. Ngunit nag-uurong-sulong ngayon ang mga reaksyunaryong partidong anti-Arroyo dahil ilan sa kanilang mga lider ay nagsisimula nang maghanda para sa eleksyon 2010.

Magtugumpay man o hindi ang ligal na kilusang masa sa pagpapataksik sa rehimeng Arroyo, nakaiipon ng lakas at karanasan ang mga ligal na demokratikong pwersa sa pagkilos para patalsikin ang rehimeng.

Lumalakas at sumusulong ang armadong rebolusyonaryong kilusan ng sambayanang Pilipino sa pamamagitan ng mga taktikal na opensiba at gawaing masa. Ito ang makikinabang sa patuloy na kabi-guan ng malawak na ligal na nag-kakaisang prente na patalsikin ang rehimeng Arroyo dahil sa malinaw na pag-uurong-sulong ng mga reaksyunaryong pwersang anti-Arroyo. Lalu't lalo itong nakikilala bilang pangunahing paraan para bahuin ang buong naghaharing sistema. Kaalinsabay, patuloy nitong ginaganyak ang mga progresibong pwersa ng ligal na demokratikong kilusan na magpunyagi sa pakikibaka. Hinihikayat nito ang mga aktibistang masa na lumahok sa digmang bayan. Higit sa lahat, naka-pag-iipon ito ng kinakailangang armadong lakas para ibagsak ang buong naghaharing sistema sa bandang huli.

Nagpupunyagi ang Bangsamoro sa pakikibaka para sa pagpapasya sa sarili laban sa gubyernong Maynila. Maya't maya ay nababalitang papasok na sa "pinal na kasunduang pangkapayapaan" ang gubyerno at ang Moro Islamic Liberation

Front (MILF). Pero laging maagap na ipinapahayag ng mga lider ng MILF na nananatili silang mapag-bantay sa katusuhan at panlilinlang ng gubyernong Maynila. Malinaw nilang sinasabi na hindi sila tatahak sa landas ng pagsuko na tinahak ng ilang susing lider ng Moro National Liberation Front (MNLF).

Patuloy na naninindigan ang ating Partido sa pagkilala at pagsusporta sa karapatan ng sambayanang Moro sa pambansang pagpasya sa sarili at lubos na kontrol sa kanilang lupang ninuno. Minamantine natin ang alyansa sa mga rebolusyonaryong pwersa ng mamayang Moro at hinihikayat natin silang magbantay laban sa mga maniobra ng US at iba pang kapangyarihang imperyalistika para maglatag ng mga balwarteng pam-pulitika, pang-ekonomya at militar sa Mindanao kasabwat ang mapang-aping gubyernong Maynila.

Malabo ngayon ang posibilidad na magpatuloy ang formal na pag-uusap ng gubyernong Maynila at National Democratic Front of the Philippines (NDFP). Pangunahing dahilan nito ang pananagutan ng rehimeng Arroyo sa 12 balakid sa usapan na inihanay ng NDFP at ang di nito pagpapakita ng intensyong alisin ang naturang mga balakid.

Inuuulit-ulit ng rehimeng li-nyang dapat munang sumuko ang NDFP sa ngalan ng walang taning

na tigil-putukan na nagsasaisanta-bi sa mga repermang panlipunan, pang-ekonomya at pampulitika na iginigiit ng bayan, at nagpapabwelo sa mga "lokalisadong usapang pangkapayapaan" na naglalayong pagwatak-watakin ang rebolusyonaryong kilusan at sa hungkag na alok ng amnestiya at pondo sa rehabilitasyon na naglalayong suhu-lan ang mga sumusuko at kalauna'y patayin sila.

Umaasa ang rehimeng Arroyo na madudurog o sukduulan nitong mapahihina ang armadong rebolusyonaryong kilusan sa nalalabing mga taon hanggang 2010. Taliwas dito, ang armadong rebolusyonaryong kilusan ay higit na lalakas at lalagay sa katayuan para magdulot ng mga pamatay na bigwas sa inutil na rehimeng sa gitna ng napakalubhang krisis ng naghaharing sistema.

Nasa sambayanang Pilipino ang lahat ng katwiran para isulong ang bagong-demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan. Pinagdurusa sila sa pinag-ibayong pang-aapi at pagsasamtala. Obligado silang lumaban para sa kanilang mga pambansa at demokratikong kara-patan at interes. Masasamtala nila ang krisis na kalagayan ng naghaharing sistema para magpundar ng rebolusyonaryong lakas at sumulong nang yugtu-yugto sa rebolusyonaryong pakikibaka.

III. Tuluy-tuloy na pagsulong ng mga rebolusyonaryong pwersa at kilusang masa

Patuloy na pinapangarap ng mga imperyalistika at mga reaksyunaryong Pilipino ang pagkalansag ng PKP bunga ng ganap at hayagang pagpapanumbalik ng kapitalismo ng mga rehimeng pinagharian ng mga rebisyunista. Di nila pansin ang katotohanang itinatag ang Partido noong 1968 para mismo itaguyod ang Marxism-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong, itakwil ang modernong rebisyunismong itinataguyod noon ng Communist Party of the Soviet Union, iwaksi ang su-

hetibismo at oportunismo ng Communist Party of the Philippine Islands (1930) at ng pinagsanib na Partido Komunista at Sosyalista (1938).

Nakaipon tayo ng rebolusyonaryong lakas at mayamang karanasan sa buhay-at-kamatayang pakikibaka sa labing-apat na taong pasistang diktadurang Marcos at sa sumunod na mga rehimeng nagkunwang demokratiko ngunit naging malupit sa pagtatangkang supilin ang demokratikong rebolusyonaryong bayan. Nangang-

arap nang gising ang rehimeng Arroyo sa pagbabanta nitong durugin o estratehikong pahinain ang Partido at rebolusyonaryong kilusan bago sumapit ang 2010. Sinasamantala ng Partido ang papalalang krisis ng naghaharing sistema, ang lahatang-panig na pagkabangkarte ng rehimeng Arroyo, at ang naipong rebolusyonaryong lakas at karanasan ng sambayanhan at lahat ng rebolusyonaryong pwersa.

Tumatalima ang partido sa Marxista-Leninista-Maoistang linya sa pilosopya, ekonomyang pampolitika, agham panlipunan, estratehiya at taktika ng pagsusulong ng pambansa-demokratikong rebolusyon, pagpupundar ng sosyalismo at pagpapatuloy ng rebolusyon sa ilalim ng proletaryong diktadura. Nauunawaan sa pamagitan ng linyang ito ang mga batas ng paggalaw ng kalikasan at lipunan at ang nakaraan, kasalukuyan at darating na mga yugto ng pag-unlad ng lipunan.

Lahat ng kasapi ng Partido ay dapat magkaroon ng edukasyon sa mga saligang prinsipyo ng Marxismo-Leninismo-Maoismo at sa kongkreto ng paglalapat ng mga ito sa kasaysayan at kasalukuyang kalagyan ng Pilipinas at ng sambayanang Pilipino. May tatlong antas ng edukasyong pam-Partido para sa lahat ng kasapi. Ito ang batayan, intermedya at abanteng kurso.

Bawat kasapi ng Partido ay dapat dumaan sa Batayang Kurso ng Partido (BKP). Naglalaman ito ng pag-aarial sa kasaysayan ng Pilipinas, mga saligang problema ng sambayanang Pilipino at ng demokratikong rebolusyonaryong bayan, ga-

yundin sa mga saligang prinsipyo ng materyalistang diyalektiko at istoriko, ekonomyang pampolitika ng kapitalismo at sosyalismo at rebolusyonaryong estratehiya at taktika. Ang BKP ay nagbibigay sa bawat kasapi ng Partido ng pundiyan para manatiling matatag sa rebolusyonaryong landas at para magpaunlad ng kamalayan at kakayahang magrebolusyon.

Ang Marxismo-Leninismo-Maoismo ay hindi lutang sa katotohanan, bagkus ay nanunuot doon at naghahayag sa mga batas ng paggalaw niyon sa pamamagitan ng paglalapat ng materyalistang diyalektika.

nasan ng kanilang mga yunit at organo, tukuyin ang mga mayor na kamalian at kahinaan sa ilang panahon at magpanukala ng mga hakbangin sa pagwawasto.

Ang abanteng kurso ay naglalaman ng pagbabasa at pag-aarial sa mga akda nina Marx, Engels, Lenin, Stalin at Mao ukol sa materyalistang diyalektiko at istoriko, ekonomyang pampolitika ng kapitalismo at imperyalismo, sosyalistang rebolusyon at konstruksyon, kasaysayan ng internasyunal na kilusang komunista, estratehiya at taktika at teorya ng nagpapatuloy na rebolusyon sa ilalim ng proletaryong diktadura.

Sa bawat antas ng edukasyong teoretiko at pampolitika, natututo ang mga kadre at kasapi ng Partido kung paano isasanib ang teorya ng Marxismo-Leninismo-Maoismo sa kongkreto ng kalagayan. Napatata-

las nila ang pagsapol at paglalapat ng materyalistang diyalektika sa pagpapaunlad ng kanilang proletaryong rebolusyonaryong panindigan, pananaw at pamamaraan. Ito ang esensya ng pagbubuo ng Partido sa ideolohiya.

Ang mga cadre at kasapi ng Partido ay nagging matatag sa mga rebolusyonaryong prinsipyo, pleksible sa patakaran at epektibo sa gawa dahil sa gabay ng Marxismo-Leninismo-Maoismo at sa mulat na paglalapat nito sa kongkreto ng kalagayan ng rebolusyon Pilipino. Ang Marxismo-Leninismo-Maoismo ay hindi lutang sa katotohanan, bagkus ay nanunuot doon at naghahayag sa mga batas ng paggalaw niyon sa pamamagitan ng paglalapat ng materyalistang diyalektika.

Hindi nadudurog at tuluy-tuloy na lumalaki ang Partido dahil paparaming kasapi ang nirerekrut at dumaraan sa edukasyong teoretiko at pampolitika. Ang tumatanggap ng gayong edukasyon ay naaarmasan ng kakayahang magsuri na nagpatibay sa kanilang moral na panindigan para sa makatarungang adhikain ng rebolusyonaryong panlipunan.

Kumprehensibo at malalimang nakinabang ang mga cadre at kasapi ng Partido sa Una at Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto. Lubos nilang nauunawaan kung paano ipinagkanulo ng mga modernong rebisyunista ang sosyalismo, at kung paano ginamit ng mga impoyalista ang mga petiburges na tunguhing pang-ideolohiya para maglunsad ng anti-komunistang opensiba sa ideolohiya at iligaw ang masang anakpawis hinggil sa katangian at mga bunga ng monopolyo kapitalismo. Naiwaksi nila ang pananaw ng mga suhetibista na hindi na raw malakolonyal at malapayudal ang Pilipinas.

Ang Partido ay hindi simpleng kumikilos alinsunod sa anumang

lutang na dogmatikong kaalaman o ng kathang-isip na hinaharap ng sosyalismo o komunismo. Nag-aaral at nagsusuri at kumikilos ito sa kongkretong malakolonyal at mala-pyudal na kalagayan na nang-aapi at nagsasamantala sa mamamayan. Batay dito, ipinatutupad nito ang pangkalahatang linyang pampulitika ng demokratikong rebolusyon bayan sa pamumuno ng uring manggagawa upang labanan at gapiin ang paghaharing imperyalista at pyudal. Wala itong nilalaktawang yugto sa rebolusyon Pilipino. Nagsisikap itong ipagttagumpay ang yugto ng bagong demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan bago nito maabot ang yugto ng sosyalistang rebolusyon.

Sa pagbubuo ng Partido sa pulitika, masinop na nagpupunyagi ang mga cadre at kasapi sa pangkalahatang linya ng demokratikong rebolusyon bayan, at kaugnay nito ay ginagamit nila ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka at ang pakikipagkakaisang prente bilang dalawang makapangyarihang sandata para pukawin, organisatin at pakilusin ang malawak na masa ng sambayanan laban sa mga imperyalista at mga lokal na nagsasamantalang uring kumprador at panginoong maylupa.

Kapwa sa ligal na demokratikong kilusan at sa armadong kilusang masa, ang Partido ay namumuno ngayon sa milyun-milyong mamamayan at kumikilos sa lahat ng rehiyon ng bansa, sa mahigit 70 sa 81 prubinsya at mahigit 800 lunsod at munisipalidad. Ang BHB ay kumikilos sa 120 hanggang 130 larangang gerilya sa absolutong pamumuno ng Partido. Ang pagbabagu-bago ng bilang ng mga larangang gerilya ay maaaring dulot ng konsolidayon at reorganisasyong isisnasagawa ng Partido at hukbong bayan o ng pansamantalang pag-angkop sa harap ng konsen-

dong atake ng mga pwersang kaway.

Ang reaksyunaryong hukbo ay nakapagkokonsentra lamang sa dihihigit sa 10% ng mga larangang gerilya at sa dihihigit sa 300 hanggang 600 sa mahigit 18,000 baryo sa mga larangang gerilya sa anumang takdang panahon. Nalilito sila sa pleksibleng taktika ng konsentrasyon, dispersal at pagpalipat-lipat na ginagamit ng BHB. Napapagod na sila sa sariling OBL na umiiral mula pa noong 2002 at nadedemoralisa na sila.

Tumatalima ang Partido sa estratehikong linya ng digmang bayan sa pamamagitan ng pagkubkob sa kalunsuran mula sa kanayunan sa loob ng mahabang panahon para mag-pon ng armadong lakas sa pamamagitan ng mga taktikal na opensiba sa yugto ng estratehikong depensiba at estratehikong pagkakapatas, hanggang kayanin nang agawin ang kalunsuran sa isang pambansang estratehikong opensiba. Sa pamamagitan ng digmang bayan, pinauunlad ng Partido ang saligang alyansa ng uring manggagawa at magsasaka.

Pinagsasanib ng Partido ang armadong pakikibaka, rebolusyonaryo at pagtatayo ng base. Naglulunsad ang BHB ng mga taktikal na opensiba sa panahon ng estratehikong depensiba upang manlipol ng mga yunit ng kaaway at samsamin ang kanilang mga armas. Kaya susulong ito mula maliit tungong malaki at mula mahina tungong malakas. Ipinatutupad nito ang minimum na programa ng reforma sa lupa at hakbang-hakbang na tumutuloy sa maksimum na programa ng pamamahagi ng lupa sa mga nagbubungkal para tuparin ang rebolusyonaryo. Kaya lumalahok sa armadong rebolusyon ang masang magsasaka.

Nagtatayo ng base ang Partido sa pamamagitan ng pagbubuo ng mga organisasyong masa at mga

organo ng kapangyarihang pampulitika gayundin ng isang sistema ng depensa na kinabibilangan ng mga pulay na yunit ng BHB, mga yunit milisya at mga yunit pananggol. Kaya ang mga atrasadong baryo ay nagagawang mga balwarteng pampulitika, pang-ekonomya, militar at pangkultura ng rebolusyon at uunlad mula mga larangang gerilya tungong matatatag na baseng pu-rok.

Ang isang larangang gerilya ay binubuo ng mga baseng gerilya at ilang sonang gerilya. Ang seguridad ng baseng gerilya ay pinanganalagaan ng relatibong tipon na platung gerilya ng punong himpilan. Dalawa pang platon ang nangangalaga naman sa mga sonang gerilya. Nakakalat sila sa mas malawak na saklaw kaysa platon ng punong himpilan na nagsisilbing sentro de grabidad para sa buong larangang gerilya. Maaari silang paghati-hatiin sa mga iskwad at tim para sa mas malawak na dispersal. Ang isang karaniwang larangang gerilya ay may kabuuang lakas na isang kumpanya.

Ang isang larangang gerilya ay may kakayahang maglunsad ng mga taktikal na opensiba sa antas tim, iskwad at platon. Pinanghahawakan ng mga pamprubinsya at panrehiyong kumand sa operasyon ng BHB ang inisyatiba at nagpaunlad sila ng kakayahang magtipon ng mga pinalaking platon o mga kumpanya para maglunsad ng mga taktikal na opensiba at iba pang konsentradong operasyon. Ang dumaraming tagumpay ng mga platon, pinalaking platon at kumpanya ng BHB ay naghahawan ng daan para sa paglitaw ng matata-tag na baseng purok, paglulubos sa estratehikong depensiba at pagsulong patungo sa estratehikong pagkakapatas.

Ang minimum na programa ng reforma sa lupa ay kinabibilangan ng pagpapababa ng upa sa lupa,

pagpapababa ng interes sa pa-utang, pagpapabuti ng presyo ng mga produkto ng magsasaka at pagpapalaki ng pang-agrikultura at iba pang produksyon sa pamamagitan ng mag-a-mag-anak o mga panimulang anyo ng kooperasyon. Nagpapatuloy ang minimum na programa dahil sa limitadong lakas ng larangang gerilya, laluna kung may malapit na konsentrasyon ng lakas militar ng kaaway.

Ngunit ang konsolidasyon at paglawak ng mga larangang gerilya o ang pagsasanib ng mga larangang gerilya tungong matatatag na baseng purok ay nakapagpapalaki sa posibilidad na maipatupad ng mga rebolusyonaryong pwersa ang maksimum na programang pag-kumpiska ng lupa sa mga panginoong maylupa at libreng pamamahagi niyon sa mga magsasakang walang lupa.

Ang pagtatayo ng base ay kina-papalooban ng pagtatayo ng Pu-lang kapangyarihang pampolitika sa pamamagitan ng pagbubuo ng mga organisasyong masa at mga organo ng kapangyarihang pampolitika at pagpupundar ng armadong lakas. Magagawa ito kapag lubos nang nalansag ng mga rebolusyonaryong pwersa ang organo ng kapangyarihang pampolitika ng kaaway, napayas ang malalaking nagsasamantala at kontra-rebolusyonaryo at nadurog ang mga pu-mapasok na pwersa ng kaaway. Gayunman, kapag ang kaaway ay di hamak na mas malakas, ginagamit ng BHB ang taktika ng pag-iwas at pagmamasid upang tuklasin ang mga kahinaan ng kaaway, sa layuning birahin ang mahihinang baha-gi nila.

Ginagamit ng Partido ang patakaran at mga taktika ng pakikipakaisang prente upang pag-ibayuhin ang lakas ng mga rebolusyonaryong pwersa at dagdagan pa ito sa pamamagitan ng pagpapalawak sa nagkakaisang prente.

Ang istruktura ng nagkakaisang prente ng mga rebolusyonaryong pwersa ay kinabibilangan ng saligang alyansa ng manggagawa at magsasaka, progresibong alyansa ng masang anakpawis at petiburgesyang lunsod, at ng patriyotikong alyansa ng mga progresibong pwersa at ng panggitnang burgesya.

Ang malawak na nagkakaisang prente ay kinabibilangan ng pansamtalang pakikip-alyansa sa mabubuway at di maaasahang alyado na karaniwa'y mula sa mga seksyon ng mga nagsasaman-talang uri laban sa pinakamasahol na pwersang reaksyunaryo na pinakasunud-sunuran sa mga imberyalista. Ang Partido ay maaaring makibahagi sa isang malawak

na pakikipagkaisang prente sa ilang pwersang reaksyunaryo upang ihiwalay nang todo at durugin ang pinakamasahol na pwersang reaksyunaryo sa pinakamaikling panahong kakayanin. Ang Partido at rebolusyonaryong kilusan ang pinakanakikinabang sa malawak na nagkakaisang prente sa pamamagitan ng pagkakaroon ng matibay at mabisang nagkakaisang prente ng mga rebolusyonaryong pwersa sa simula pa lamang.

Sa pakikipagkaisang prente sa mga reaksyunaryong pwersa, mapagbantay ang Partido sa anumang tendensya ng Kanang oportunismo at laban sa pagtatrayselor ng reaksyunaryong kaalyado. Maingat din ang Partido sa panganib ng "Kaliwang" oportunismo sa pamamagitan ng pagtaggi sa pansamtalang pakikip-alyansa sa mabubuway at di maaasahang alyado na makatutulong para higit na maabot ang malawak na masa ng sambaya-

nan at ang ilang rekureso at pasilidad na kung hindi ay di natin magagamit.

Ang nagkakaisang prente ay isang mahalaga at di maisasaitabing sandata para kabigin ang mas maraming mamamayan sa ligal na kilusang masa at sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka. Magiging gayon kaepektibo ang ligal na nagkakaisang prente kaya mapalalaki ng mga progresibong pwersa ang kani-lang mga ligal na partido at organisasyong masa,

Gayon na lamang ang tagumpay ng malawak na ligal na nagkakaisang prente kaya ang ilang tao ay natatangay ng pag-aakalang iyon na ang daan para makuhang masa ang kapangyarihan.

papatalsik sa pinakamasahol na reaksyunaryo sa poder. Gayon na lamang ang tagumpay ng malawak na ligal na nagkakaisang prente kaya ang ilang tao ay natatangay ng pag-aakalang iyon na ang daan para makuhang masa ang kapangyarihan. Ang pinakamahalaga sa Partido ay mapaunlad ang nagkakaisang prente para sa armadong pakikibaka at hindi lamang para sa ligal na pakikibaka.

Ang rebolusyonaryong patakaran at mga taktika sa pakikipagkaisang prente ay tuwiran at di-tuwirang nagsisilbi sa armadong pakikibaka. Madaling intindihin kung paano pinauunlad ng mga rebolusyonaryong pwersa ang nagkakaisang prente para sa armadong pakikibaka. Nakakawing ito sa pangkalatang linya ng demokratikong rebolusyonaryong bayan sa pamamagitan ng digmang bayan. Kailangang ipaliwanag na maging ang mga reaksyunaryo ay nakatutulong sa pagtata-

yo ng nagkakaisang prente para sa armadong pakikibaka kapag sumusunod sila sa mga batas ng gubyernong bayan, nagbabayad ng karampatang rebolusyonaryong buwis, nag-aambag ng mga rekursong kabilang ang mga armas, nakikipagtulungan sa armadong rebolusyonaryong kilusan, at sumusuporta sa mga proyektong sosyo-ekonomiko at sa mga pakikibaka para sa mga karapatan at repermang kapaki-pakinabang para sa mamamayan.

Sa pagsusulong ng ligal na pakikipagkaisang prente, hindi tinututulan ng Partido, bagkus ay hinihikayat pa nga nito, ang pagsasagawa ng mga patriyotiko at progresibong pwersa ng mga ligal na aktibidad, kabilang ang mga napapanahong protestang masa at pakikibakang elektoral. Aprubado mismo ng Partido ang usapang pangkapayapaan sa pagitan ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) at NDFP.

Ang naturang pakikipag-usap ay nangangahulugan ng pakikipag-alyansa at pagsisikap na magkaroon ng tigil-putukan upang bigyang-daan ang mga repermang panlipunan, pang-ekonomya at pampolitika. Sa pamamagitan ng naturang pakikipagnegosasyon, matutukoy ng Partido kung ang mga naghaharing reaksyunaryo ba o ang mga reaksyunaryong nasa oposisyon ang mas mainam na makaalyado para makapagsakatuparan

ng ilang kinakailangang saligang reforma na makaeengganyo sa kilusang masa para sa pambansa at panlipunang kalayaan.

Ang prinsipyadong pusisyon at konduktang NDFP sa usapang pangkapayapaan ay nagsilbi para mapalaganap ang programa ng demokratikong rebolusyon bayan at maitaas ang pambansa at internasyunal na katayuan at prestihiyo ng mga rebolusyonaryong pwersa. May kaugnayan man o wala sa usapang pangkapayapaan, nakapagsagawa rin ang NDFP ng epektibong gawaing proto-diplomatiko at diplomatiko, gayundin ng gawain sa internasyunal na pakikipagkaisa sa antas na labas sa gubyerno upang makatipon ng supportang moral at pampolitika para sa rebolusyon Pilipino gayundin para makapag-ambag sa pag-unlad ng internasyunal na kilusan laban sa imperyalismo at lahat ng reaksyon.

Nagsikap nang husto ang Partido para magpundar ng relasyon sa mga partidong Marxista-Leninista, Maoista at manggagawa sa diwa ng proletaryong internasyunalismo at sa mga partido ng mamamayan, mga kilusan sa pambansang pagpapalaya at mga organisasyong masa sa diwa ng anti-imperialistang pagkakaisa at alinsunod sa patakaran nito sa internasyunal na pakikipagkaisang prente.

IV. Mapanlabang mga tungkulin para sa lahatang-panig na pagsulong

Dapat gawin ng mga cadre at kasapi ang lahat upang tupdin ang mga mapanlabang tungkulin ng mahal nating Partido at magkamat ng makabuhang lahatang-panig na mga pagsulong sa rebolusyon Pilipino sa susunod na taon. Dapat nating tiyakin na lalo pang makapagpalakas ang Partido at umani ng mas maraming tagumpay bilang abanteng destakamento ng proletaryado na namumuno sa rebolusyon Pilipino at naglingkod sa sambayanang Pilipino. Sa gayon, maipagdiriwang natin ang ika-40 anibersaryo ng Partido nang buong kagalakan at may higit na kapisahan para lalo pang sumulong.

Sa ideolohiya, dapat nating patuloy na buuin ang Partido sa gabay ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Dapat natin itong ilapat sa pag-aaral ng internasyunal at lokal na kalagayan, sa paglalagom at pagsusuri sa ating rebolusyonaryong karanasan, sa pagtataasa sa ating gawa at sa pagpuna at pagpuna-sa-sarili at sa pagtatakdang mga tungkulin upang higit pang sumulong.

Dapat tayong magbantay laban

sa suhetibismo, rebisyunismo at oportunismo at laban sa lahat ng petiburges na tendensya anti-komunista na itinataguyod ng mga imperyalista at mga lokal na reaksyunaryo upang iligaw ang mga rebolusyonaryo. Dapat nating itaas ang antas ng ating edukasyong teoretiko at pampolitika sa proseso ng mga pulong pag-aaral at mga pulong hinggil sa gawain ng mga yunit at organo gayundin sa mga formal na kurso ng edukasyon

pam-Partido.

Sa politalika, dapat nating buuin ang Partido sa pamamagitan ng pagtupad sa namumunong papel nito sa demokratikong rebolusyon bayan sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan. Dapat nating panghawakan ang pangkalahatang linyang pampolitika at labanan ang Kanan at "Kaliwang" oportunismo. Kaugnay nito, tayong mga cadre at kasapi ay dapat magpakahusay sa pagtupad sa mga tungkulin sa mga yunit at organo natin at sa mga partikular na linya ng gawaing ating kinatatalagahan.

Dapat nating paunlarin ang armadong pakikibaka at ang nagkakaisang prente bilang mga sandata sa paggapi sa kaaway at sa pagsusulong ng rebolusyon. Sa pamamagitan ng ating pampolitikang pagsisikap, dapat tayong makapagrekurt sa Partido ng paparaming kandidatong kasapi mula sa hanay ng mga aktibista sa mga organisasyong masa ng masang anakpawis

at petiburgesyang lunsod.

Sa organisasyon, dapat nating buuin ang Partido alinsunod sa prinsipyong demokratikong sentralismo at labanan ang burukratismo at ultra-demokrasya. Ang ating Partido ay nasa ilalim ng sentralisadong pamumuno, na gayundin ay nakabatay sa demokrasya. Sa iba't ibang antas hanggang sa Komite Sentral, dapat nating tiyakin ang pamumuno ng mga kadteng may malalim na paninindigan sa rebolusyonaryong adhikain ng sambayanhan, may husay sa ideolohiya, politika at organisasyon at marunong humalaw ng datos at mga wastong ideya sa mga organisasyong pinamumuan nila.

Dapat tayong kumabig ng paraming kasapi mula sa rebolusyonaryong kilusang masa. Dapat tayong magrekut ng malaking bilang ng mga manggagawa, magsaka at kabataang nakapag-aran mula sa mga organisasyong masa at mula sa hukbong bayan. Mas maraming kasapi, mas malawak at mas malakas ang base ng ating Partido at mas malaki ang kakayahang nating gampanan ang iba't ibang tungkulin sa rebolusyon. Kailangan natin ng ilampung libong kadre at daan-daantibong kasapi ng Partido upang makamit ang ganap na tagumpay ng demokratikong rebolusyon bayan at masimulan ang rebolusyonaryong sosyalista.

Sa paglulunsad ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka, dapat nating padalasin ang mga taktikal na opensiba laban sa kaaway upang makasamsam ng karagdagang armas para sa pagbubuo ng dagdag na mga yunit ng hukbong bayan at pagpapalakas sa iba't ibang antas ng kumand mula sa mga larangang gerilya hanggang mga pamprubinsya at panrehiyong kumand, at higit pa, hanggang sa pambansang kumand sa operasyon. Dapat tayong makalipol ng mas maraming yunit ng pwersang ka-

away upang makaipon ng lakas at karanasan para makadurog ng mas marami pa hanggang kayanin na nating agawin ang kapangyarihang pampolitika sa buong bansa.

Sa pakikisagupa, ginagamit natin ang ating lakas-pamutok upang lipulin ang target na yunit ng kaaway. Subalit kapag mawalan na ng kakayahang lumaban ang kaaway o kaya'y kusa silang sumuko, dapat silang tratuhin nang mabuti at dapat bigyan ng pangangalagang medikal ang mga sugatan alinsunod sa Mga Alituntunin sa Disiplina ng BHB, Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) at Geneva Conventions. Nilalabanan natin ang mga pwersa at espiya ng kaaway upang itaguyod, ipagtanggol at isulong ang mga karapatan at interes ng mamamayan. Dapat nating tiyakin na laging ligtas ang mga sibilyan at mga di kombatant.

Pahiwatig ng pagkilala sa ating *status of belligerency* (katayuan bilang soberanong pwersang nakikidigma) sa ilalim ng Geneva Conventions ang pag-asa ng mga internasyunal na ahensya at iba pang mga entidad at maging ng mga pwersang kaaway na igagalang natin ang mga karapatang-tao at talima tayo sa makataong konduktta sa ilalim ng internasyunal na batas at pauunlarin natin ang sistemang ligal at hudisyal ng demokratikong gubyernong bayan. Dapat nating panghawakan ang karapatan ng sinumang akusado sa karampatang proseso sa pag-aresto, pаниmulang imbestigasyon at paglilitis sa mga suspectadong kriminal, nang may kaukulang pagsasaalang-alang sa seguridad ng rebolusyonaryong tauhan. Sa katapusan ng paglilitis, dapat sumahin at pagdesiyunan ang kaso. Sa mga kasong armado at mapanganib ang kriminal o mga suspek, dapat nating ipaliwanag sa publiko sa pamama-

gitan ng formal na asunto kung bakit malamang na sagupain sila ng tagaarestong yunit ng hukbong bayan o milisya kung di sila kusang susuko sa anumang awtoridad ng demokratikong gubyernong bayan.

Dapat tayong magpatupad ng reforma sa lupa bilang pangunaing laman ng demokratikong rebolusyon. Dapat tayong sumulong mula sa minimum na programa sa reforma sa lupa tungo sa maksimum at sa gayo'y makapagpatupad ng rebolusyonaryong agraryo sa pinakamaraming lugar na ipahihintulot ng kalagayan. Dapat nating arrestuhin, imbestigahan, litisin at parusahan ang mga despotikong panginoong maylupa at mga alagad nilang lumalabag sa mga batas ng demokratikong gubyernong bayan. Dapat nating gapiin ang mga pyodal na mapagsamantalang kumontra sa patakaran sa reforma sa lupa ng Partido at rebolusyonaryong kilusang masa.

Dapat nating dagdagan ang bilang ng mga larangang gerilya kung saan kakayanin upang labanan ang pagtatangka ng mga pwersang kaaway na dumugin at durugin ang ilang larangang gerilya sa bawat takdang panahon. Dapat umusbong ang mga larangang gerilya at kalauna'y matatatag na baseng purok batay sa papalawak at papalalim na baseng masa, paglaki ng hukbong bayan, milisya at mga yunit pananggol, at pagsasanay sa mga kadre at aktibistang masa sa iba't ibang aspeto ng buhay panlipunan.

Bunga ng "Kaliwang" oportunistang mga kamalian noon, kabilang ang adbenturismong militar at putsismo, dapat nating bigyang-din ang mga krusyal na aspeto ng pagbubuo ng baseng masa tulad ng masikhay na gawaing masa at pagtatayo ng mga organisasyong masa at mga organo ng kapangyarihang pampolitika. Ngunit kapag naitayo na ang mga ito, dapat pa nating

pag-ibayuhin ang pagbubuo ng mga yunit ng hukbong bayan, milisya at mga yunit pananggol upang makapagpundar ng dagdag na armadong lakas at katatagan sa mga baseng gerilya o sa matatatag na baseng pu-rok.

Dapat nating gamitin ang ating armadong lakas upang durugin ang kapangyarihang pampolitika ng kaaway at itaboy ang mga nang-aapi. Dapat nating lansagin ang labis na kapangyarihang pang-ekonomiyang taglay ng mga nang-aaping ito sa anyo ng malalaking lupain, plantasyon, minahan, trosohan at iba pang mga empresa, maliban kung ang nangangasiwa sa mga kumpanyang ito ay sumusunod sa mga patakaran at batas ng gubyernong bayan kaugnay ng makatwirang pasahod sa mga manggagawa at pagbabayad ng rebolusyonaryong buwis. Sa pamamagitan ng mga organo ng kapangyarihang pampolitika at mga organisasyong masa, dapat pamunuan ng Partido ang lahat ng aspeto ng buhay panlipunan at itransforma ang mga atrasadong baryo tungo sa mga balwarteng pampolitika, pang-ekonomiya, pangmilitar at pangkultura ng rebolusyon.

Dapat nating paunlarin ang rebolusyonaryong nagkakaisang prente sa pambansang saklaw. Sa loob ng pambansang nagkakaisang prente, dapat nating buuin ang antipyudal na nagkakaisang prente. Dapat makipagkaisa at pangunahing sumalig ang Partido at proletaryado sa mga maralitang magsasaka at manggagawang bukid, kabigin ang mga panggitnang magsasaka, nyutralisahin ang mayayamang magsasaka at samantalahan ang pagkahati ng mga panginoong maylupa upang ihiwalay at durugin ang kapangyarihan ng mga despotikong panginoong maylupa at mga alagad nila.

Dapat lagi nating tiyakin na matatag ang saligang alyansang manggagawa-magsasaka, ang alyansa ng mga progresibong pwersa at ang alyansa ng mga patriyotikong pwersa. Sa gayon, magkakaroon tayo ng matibay na tuntungan para mapalawak ang nagkakaisang prente na kabibilangan ng pansamtala, mabuway at di maasahang mga kaalyado mula sa mga uring reaksyunaryo upang ihiwalay nang husto at durugin ang kapangyarihan ng pinakamasahol na pangkating reaksyunaryo, na ngayo'y ang pangkating Arroyo.

Dapat nating gawin ang lahat upang mapatalsik ang rehimeng Arroyo sa pamamagitan ng malawak na nagkakaisang prente. Subalit kung hindi mapatalsik ang rehimeng Arroyo dahil hindi maparalisa o madaig ng mga pwersang anti-Arroyo sa militar ang maka-Arroyong *chain of command*, ang pagsikap ng nagkakaisang prente para ihiwalay at pahinain ang rehimeng Arroyo ay kapaki-pakinabang pa rin sa paglikha ng kalahayang pabor sa pagpapabwelo ng mga taktikal na

opensiba ng BHB sa kanayunan. Kapag bumira nang todo sa rehimeng Arroyo upang mapakat ng mas maraming tropa sa pambansang kabisera at iba pang lun-sod, mababawasan ang mga balakid na kahaharapin ng hukbong bayan sa paglulunsad ng mga taktikal na opensiba sa kanayunan.


Dapat magsagawa ang Partido ng epektibong ga-waing internasyunal para suportahan ang sambayanang Pilipino sa kanilang pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya. Dapat nating paunlarin ang ating gawain sa hanay ng mga Pilipinong manggagawa sa ibayong dagat, mga migrante at ikalawa at bagong henerasyon ng mga Pilipino sa ibang bansa. Dapat nating paunlarin ang kanilang interes sa pagpaigting ng pakikibakang bayan laban sa pag-iibayo ng pagsasamantala at pang-aapi ng mga imperialista at mga reaksyunaryong Pilipino.

Dapat tayong magpaunlad ng pinakamahigpit na ugnay sa mga partidong Maoista at luminang ng relasyon sa ibang dayuhang partido komunista at manggagawa batay sa Marxismo-Leninismo o anti-imperialistang pakikipagkaisa. Dapat nating hikayatin ang pakikipag-ugnayan ng mga patriyotiko at progresibong organisasyon at institusyong Pilipino sa katulad na mga organisasyon sa ibayong dagat. Dapat lagi tayong aktibo sa pagtaguyod sa internasyunal na nagkakaisang prente laban sa imperialismo at lahat ng reaksyon at sa pagpapalakas ng mga organisasyon at kilusan sa iba't ibang usapin ng pakikibaka ng mga mamamayan ng daigdig para sa higit na kalayaan, demokrasya, katarungang panlipunan, kaunlaran at kawayapaang pandaigdig.

Dapat nating samantalahan ang pakikipagnegosasyong pangkapayapaan sa GRP di lamang bilang daan para kamtin ang makatarungang kapayapaan sa pamamagitan ng mga repormang panlipunan, pang-ekonomiya at pampolitika kundi bilang paraan din para ipaalam sa mga mamamayan ng daigdig ang kalagayan at makatarungang mga kahilingan ng sambayanang Pilipino, at sa gayo'y magkamit ng pandaigdigang suporta para sa rebolusyonaryong Pilipino. Kaya may mabuting idinudulot ang usapang pangkapayapaan anuman ang kasalukuyang katayuan o kahinatnan nito.

Dapat nating ipagpatuloy sa pamamagitan ng NDFP ang pagsikap na kamtin ang pagkilala sa *status of belligerency* ng demokratikong gubyernong bayan at ng rebolusyonaryong pwersa ng sambayanang. Dapat tayong magpundar ng mga relasyong proto-diplomatiko at diplomatiko sa matagalang paghahanda para sa tagumpay ng demokratikong rebolusyonaryong bayan at pagtatayo ng Demokratikong Republika ng Pilipinas.

AB



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxism-Leninismo-MaoismoIspesyal na Isyu
Disyembre 26, 2007
www.philippinerevolution.org

Pabilisin ang rebolusyonaryong pagsulong ng PKP para sa pagdiriwang ng ika-40 anibersaryo nito


Mensahe ng Komite Sentral
ng Partido Komunista ng Pilipinas

Walang hanggan ang kagalakan natin sa pagdiriwang ng ika-39 na anibersaryo ng muling pagtatataag ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa teoretikong gabay ng Marxism-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong (Maoismo) noong Disyembre 26, 1968. Mula noon, ang pinakamamahal nating Partido ay napanday sa apoy ng rebolusyonaryong pakikibaka at nakaipon ng maniningning na tagumpay sa pagganap nito bilang taliba ng proletaryado at sa pamumuno sa pakikibaka ng sambayanang Pilipino para sa pambansang paglaya at demokrasya laban sa imperialismong US at lokal na mga nagsasamantalang uring malalaking kumprador at panginoong maylupa.

Pinakamataas na parangal ang iginagawad natin sa ating mga rebolusyonaryong martir at bayani para sa kanilang kataas-taasang sakripisyo at natatanging paglilingkod sa bayan. Nagpupugay tayo sa lahat ng cadre at kasapi ng Partido, mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayan sa kanilang pagpupunyagi at mga sakripisyo sa rebolusyonaryong pakikibaka. Nagtamo tayo ng malalaking tagumpay dahil hindi tayo umatras sa harap ng matitinding hamon o ng mga kamalian at pagkukulang. Lumalakas tayo sa pag-igpaw sa mga peligro at kahirapan, sa pagpuna at pagpuna-sa-sarili at

sa pagwawasto ng mga pagkakamali at kahinaan.

Sama-sama nating pinagtibay muli ang ating kapisyahang isulong ang pambansa-demokratikong yugto ng rebolusyon Pilipino sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan. Determinado tayong kumpletuhin ang yugtong ito sa pamamagitan ng pag-agaw sa kapangyarihang pampolitika sa buong bansa upang maabot ang yugto ng sosyalistang rebolusyon at masimulan ang mahabang panahon ng transisyon patungong komunismo. Sa kagyat, nais nating paghandaan ang pagdiriwang ng ika-40 anibersaryo ng Partido sa darating na taon sa pamamagitan ng pagpabilis sa lahatang-panig na pagsusulong sa rebolusyonaryong pakikibaka ng proletaryado at ng buong bayan sa pamumuno ng Partido.



Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-print sa istensil:
 - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
 - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
 - c) I-click ang **Properties**
 - d) I-click ang **Advanced**
 - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
 - f) Ituloy ang pag-print
- 3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa angbayan@yahoo.com